

春日井くらしのガイド

フィリピン語版

Guide Para sa Pamumuhay sa Lungsod na Kasugai

Reiwa7 Enero 1 kasalukuyan

このガイドの説明を国際交流ルーム(地図の★のところ)でします。来る前に電話をしてください。

Sa Silid Para sa International na Pakikipagpalitan (nasa mapa ★ magpapaliwanag nang tungkol sa Gabay ito. Pakiusap na mangyaring tumawag muna bago Pumunta.

☎0568-56-1944



レディヤンかすがい
(国際交流ルーム)

Rediyan Kusugai

(Silid Para sa International na Pakikipagpalitan)



はじめに

外国から希望と不安を持ち、日本へやってきた外国人の皆さんは、祖国とは違う言葉や生活習慣、文化など、様々なことに戸惑いを感じていると思います。

この「春日井くらしのガイド」は、皆さんが春日井市で安心して生活できるよう、緊急の場合の連絡先や、各種手続き、日常生活での決まり事などを簡単にまとめたものです。

今後の春日井市での生活に役立ててもらえば幸いです。

春日井市

.....

PANIMULA

Nakatitiyak ako na ang mga taong pumupunta dito mula sa ibang bansa, na kapwa nakadarama ng pag-asa at pangamba, ay maaaring kadalasan hindi malaman ang gagawin kapag nahaharap sila sa wika, kaugalian, at kultura na kakaiba sa mga bansang kanilang pinagmulan.

Ang “Gabay sa Pamumuhay sa Kasugai” ay nagbibigay ng isang simpleng pangkalahatang ideya ng mga numerong matatawagan para sa biglaang pangangailangan, lahat ng uri ng mga pamamaraan, mga alituntunin ng pang-araw-araw na pamumuhay, at iba pang mga bagay upang makapamuhay ka nang may kapayapaan ng isip sa Kasugai.

Umaasa kami na magiging kapaki-pakinabang ang Gabay na ito sa iyong pamumuhay sa Kasugai.

Alkade
Lungsod ng Kasugai

Nilalaman

(フ ィ リ ピ ノ 語)

□ Tungkulin ng Munisipyo	1
1 Resident Registration	2
2 Silid Para sa International na Pakikipagpalitan (Kokusai Koryu Room)	2
3 Oryentasyon ukol sa Pamumuhay Para sa mga Dayuhan	3
4 Konsultasyon	3
5 Pagpapadala ng Boluntaryong Interpreter	5
6 Pag-aaral ng Nihongo	5
7 Health Insurance at Sistema ng Pensyon	7
8 Pangangalaga sa mga Matatanda at May Kapansanan	10
9 Pagamutan	11
10 Kapag Magpapatingin para sa Emergency sa Holiday, o sa Gabi ng Ordinaryong Araw	12
11 Tungkol sa mga Bata	14
12 Screening Test, Medical Examination at Pagbabakuna	18
13 Sunog	20
14 Emergency	21
15 Pulisya	21
16 Basura	22
17 Pag-iwas sa Sakuna	25
18 Buwis	26
19 Pagpapatayo ng Gusali	30
20 Sistema ng Pamamahala sa Suplay ng Tubig	30
21 Alagang Hayop (Pag-iwas sa Rabies)	30
□ Newsletter Para sa mga Dayuhan “Information KASUGAI”	31
□ Paggamit ng Aklatan	31
□ Pagsali sa Samahan ng Magkakapitbahay (Ku, Chonaikai o Jichikai)	32

□ Tungkulin ng Munisipyo

Kasugai Shiyakusho (Munisipyo ng Kasugai)

Ang munisipyo ay isang pampublikong tanggapan na importante sa pang araw-araw na pamumuhay. Sa tanggapan na ito ginagawa ang mga proseso tulad ng Juumin Toroku (Resident registration), Kekkon (Pagpapakasal), Shusse (Panganakan) at bukod sa tanggapan para sa Kokumin Kenko Hoken (National Health Insurance) mayroon rin isinasagawang konsultasyon para sa mga banyaga.

Lugar ▼ 5-44 Toriimatsu Cho Kasugai Shi, Aichi Ken 〒486-8686

Tel: (0568)81-5111

Website: <https://www.city.kasugai.lg.jp/>



Parking ▼ Para sa limitadong bilang ng sasakyan lamang

Transportasyon ▼ Mula sa JR Kasugai Station, sumakay sa Meitetsu Bus at pagbaba sa “Toriimatsu,” maglakad ng dalawang minuto. Sumakay sa Kasugai City Bus “Heartful Liner” at pagbaba sa “Kasugai Shiyakusho” bus stop, agad ninyo itong makikita.

Oras na Bukas ang Tanggapan ▼ Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 am hanggang 5:15 pm

Araw na Sarado ▼ Sabado, Linggo, pista opisyal, bakasyon sa Bagong Taon (mula Disyembre 29 hanggang Enero 3)

<Homepage: Kapag gusto mong baguhin ang display sa ibang wika>

The screenshot shows the homepage of Kasugai City. A red box highlights the 'Foreign language' link in the top navigation bar. An arrow points to a box labeled 'i-click'. Another arrow points to the 'Start Translation' button in the 'International Exchange' section. A third arrow points to the 'Start Translation' button in the 'Start Translation' section. A text box explains: 'Ang pulang frame na bahagi ng kaukulang wika i-click'.

The screenshot shows a dialog box with the text: 'The following pages are translated by an automated translation system. Please keep in mind that the translation system isn't 100% accurate. It's possible that some words, including proper nouns, might be translated inaccurately. Thank you. Some PDF might not be able to translate.' There are 'OK' and 'CANCEL' buttons. An arrow points to the 'OK' button with the label '“OK” i-click'.

The screenshot shows the homepage after translation. A text box says: 'Sa ibang mga wika Magbabago ang display *Ilipat sa tuktok na pahina'.

<Kapag gusto mong gumamit ng madaling Japanese (Hiragana)>

The screenshot shows the homepage of Kasugai City. A red box highlights the 'やさしいにほんご' link in the top navigation bar. An arrow points to a box labeled 'i-click'.

The screenshot shows the homepage in Hiragana mode. A text box says: 'Ang display ay nagbabago sa madaling hapon'.

1. Pagrehistro ng Residente

Family Register and Residents' Affairs Section Tel: (0568) 85-6138

Ang mga dayuhan na bagong pasok sa bansa bilang mid-to-long term resident ay kinakailangang magparehistro bilang residente sa munisipyo. Upang magamit ang iba't ibang uri ng serbisyo ng pamahalaan, magparehistro bilang residente sa Family Register and Residents' Affairs Section ng munisipyo.

Kakailanganing dokumento: Residence Card

(May kaugnayan sa pagpaparehistro ng paglipat/residente, abiso ng pagbabago ng address, abiso sa paglilipat, atbp.)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/todoke/1001889/jumin/index.html>



2. Silid Para sa Internasyonal na Pakikipagpalitan (Kokusai Koryu Room)

Sa silid na ito ipinapahatid ang mga impormasyon ukol sa pandaigdigang pakikipag-ugnayan at kultura ng iba't ibang dayuhan sa loob ng lungsod. Dito makakakuha ng mga pamphlet na isinalin sa iba't ibang wika na makatutulong sa pang araw-araw na pamumuhay, at impormasyon ukol sa mga samahan na nagsasagawa ng international na pakikipagpalitan. Nagbibigay din kami ng impormasyon at konsultasyon tungkol sa pang-araw-araw na buhay sa mga dayuhang mamamayan.

Lugar ▼ 2-247 Toriimatsu Cho Kasugai Shi, Aichi Ken 〒486-0844

Telepono(0568)56-1944

Parking ▼ Para sa limitadong bilang ng sasakyan lamang


Direksyon ng Transportasyon ▼ Mula sa JR Kasugai Station, sumakay sa Meitetsu Bus at pagbaba Kasugai City Bus "Hatofuru Liner" Bumaba sa "Toriimatsu Purok 2, 1 minutong paglalakad

Oras na Bukas ang Tanggapan ▼ Martes hanggang Linggo mula 9:00 am hanggang 5:00 pm

Araw na Sarado ▼ Lunes, katapusan at simula ng taon (Disyembre 29 - Enero 3)

(Impormasyon ng pasilidad sa international exchange room)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/shisei/sankaku/kaigaiyuukoutoshi/1009610.html>



3. Oryentasyon ukol sa Pamumuhay Para sa mga Dayuhan

Silid Para sa Internasyonal na Pakikipagpalitan (Kokusai Koryu Room)

Tel: (0568) 56-1944

Ipapaliwanag sa mga bagong dating na dayuhang maninirahan sa lungsod ng Kasugai ang tungkol sa paraan ng pagtatapon ng basura at kung saan dapat lumikas sa oras ng lindol, at mga alituntuinin sa pamumuhay sa lungsod ng Kasugai.

Nilalaman ▼ Paraan ng pagtatapon ng basura, health insurance at ospital, paraan ng pagtawag ng ambulansiya, mga lugar kung saan maaaring lumikas sa panahon ng lindol at tanggapan kung saan dapat sumangguni sa loob ng munisipyo

Lugar ▼ Silid Para sa International na Pakikipagpalitan (Kokusai Koryu Room)
* Tingnan ang mapa na nasa pangalawang pahina

Information desk ▼ Maaaring dumalo kahit kailan. (Mula 9:00 am hanggang 5:00 pm, sa mga araw ng Martes hanggang Linggo.)

Bayad sa paglahok ▼ Libre

- Kung dadalo sa oryentasyon sa wikang Hapon, hindi kailangan ang reserbasyon, pumunta na lamang ng direkta sa Silid Para sa International na Pakikipagpalitan (Kokusai Koryu Room).
- Kung ang nais na oryentasyon ay sa sariling wika, makipag-ugnayan muna sa Silid Para sa International na Pakikipagpalitan (Kokusai Koryu Room) sa Tel: (0568) 56-1944 para sa reserbasyon.

(Oryentasyon sa buhay)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/shisei/sankaku/kaigaiyuukoutoshi/1009614.html>



4. Konsultasyon

(1) Konsultasyon para sa mga dayuhan

Ang Lungsod ng Kasugai ay tumatanggap ng mga konsultasyon sa mga banyagang wika upang maibsan ang mga problema at alalahanin ng mga dayuhan.

▼ Petsa: ika-1 hanggang ika-4 na Miyerkules

Ika-1 na Miyerkules English/Filipino

Ika-2 na Miyerkules Portuges

Ika-3 na Miyerkules Espanyol

Ika-4 na Miyerkules Portuges

▼ Oras: 9:00 a.m. hanggang tanghali, 1:00 pm hanggang 4:00 pm

▼ Lokasyon: Bulwagang Lungsod ng Kasugai, Ikalawang palapag, Panulukan ng Pangmamayang

Konsultasyon Tel: (0568) 85-6624 (bukas lamang sa mga araw ng konsultasyon)

(Pagkonsulta sa mamamayan)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/1033189/sodan/shiminsoudan/index.html>



(2) Mesa ng Konsultasyon ng Teknikal Intern Nagsasanay

Teknikal na Intern Pagsasanay SOS/Emergency Consultation Desk

(OTIT Organization for Foreign Technical Intern Training) <https://www.otit.go.jp>



(3) Konsultasyon sa DV [Konsultasyon sa telepono/harap-harapan/harap-harapang konsultasyon sa web

*Nangangailangan ng reserbasyon ang harapang konsultasyon sa web]

Dibisyon ng Promosyon ng Panrehiyong Pamumuhay Tel: (0568) 85-7867

Konsultasyon tungkol sa karahasan sa tahanan mula sa asawa o kasintahan

▼ Lunes hanggang Biyernes 9:00 am hanggang 5:00 pm

(Karahasan sa tahanan (DV))

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/fukushi/1011728/dv-t/index.html>



(4) Konsultasyon para sa mga alalahanin ng kababaihan [Konsultasyon sa telepono/harap harapan *Kinakailangan ang reserbasyon para sa harapang konsultasyon]

Dibisyon ng Promosyon ng Pagkakaiba-ibang Lipunan Tel: (0568) 85-7871

Pag-aasawa/diborsyo, mag-asawa, usapin sa pamilya, relasyon sa lugar ng trabaho, diskriminasyong pagtrato batay sa kasarian, Konsultasyon tungkol sa mga alalahanin at alalahanin tungkol sa sekswal na panliligalig, atbp.

▼ Martes hanggang Biyernes 1:00 pm hanggang 4:30 pm

(Hindi kasama ang mga pampublikong pista opisyal at mga pista opisyal sa katapusan ng taon at Bagong Taon)

*Kung gusto mo ng interpreter o konsultasyon sa pangangalaga ng bata, mangyaring mag-apply nang hindi bababa sa isang linggo bago ang iyong gustong petsa ng konsultasyon. Mangyaring mag-apply.

5. Pagpapadala ng Boluntaryong Interpreter

Silid Para sa mga Banyaga na Pakikipagpalitan (Kokusai Koryu Room)

Tel: (0568) 56-1944

Para sa mga dayuhang naninirahan sa lungsod na hindi masyadong makaintindi ng Nihongo, magpapadala ng boluntaryong interpreter upang maisagawa ninyo ang prosesong kailangang gawin sa pampublikong pasilidad sa lungsod ng Kasugai. Kung kailangan ninyo ng boluntaryong interpreter, mangyari lamang na mag-request sa amin 1 linggo bago ng araw na kailangan ng boluntaryo.

▼ Mga wikang may interpreter: English, Chinese, Portuguese, Spanish, Filipino (Tagalog), Vietnamese at iba pa

▼ Mga lugar na pagpapadalhan: Mga pampublikong pasilidad sa loob ng lungsod ng Kasugai

▼ Oras ng pagpapadala: Hindi hihigit sa 2 oras habang bukas ang tanggapan

*Dahil matatagalan ang proseso kapag may interpreter, mangyari po lamang na maglaan kayo ng allowance sa pag-request.

▼ Mga usaping tutugunan ng interpreter:

Pagtulong sa prosesong kailangang gawin sa munisipyo at pampublikong pasilidad

*Hindi po maaaring magpadala ng interpreter para sa usaping pandalubhasa ang nilalaman.

□ Kami po ay naghahanap rin ng mga boluntaryong interpreter. Sa mga nais magparehistro bilang boluntaryo, mangyari pong makipag-ugnayan sa amin.

(Pagpapadala ng mga boluntaryong tagapagsalin)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/shisei/sankaku/kaigaiyuukoutoshi/1009612.html>



6. Pag-aaral ng Nihongo

< Kasugai Fureai Classes >

Silid Para sa International na Pakikipagpalitan (Kokusai Koryu Room)

Tel: (0568) 56-1944

Klase ito para sa mga first time na mag-aaral ng Nihongo, at mga hindi masyadong nakakaintindi ng Nihongo. Maaaring matuto ng Nihongo, tungkol sa kultura ng Japan, at iba pa.

Taong maaaring mag-aral ▼ Mga taong 15 taong gulang pataas na naninirahan, nagtatrabaho o nag-aaral sa lungsod ng Kasugai

Bayad sa klase ▼ Kailangan ang bayad para sa textbook. (Walang bayad para sa kurso)

Lugar ▼ Rediyan Kasugai o Sentro ng Kozoji Fureai

<Rediyan Kasugai>

Petsa ▼ Byernes o Linggo (36 beses sa isang taon)

Oras ▼ 10:00 am ng Umaga hanggang 11:45 am

Aplikasyon ▼ Mangyaring pumunta sa Silid ng Pang Banyagang Kaalaman sa unang palapag nang hindi bababa sa 30 minuto bago ang klase.

<Sentro ng Kozoji Fureai>

Petsa ▼ Linggo (36 beses sa isang taon)

Oras ▼ 1:30 pm hanggang 3:15 pm ng hapon

Aplikasyon ▼ Mangyaring pumunta sa ikatlong silid ng sanggunian, sa ikalawang palapag nang hindi bababa sa 30 minuto bago ang klase.

(Klase sa Kasugai Fureai (Nihongong Klase))

<https://www.city.kasugai.lg.jp/shisei/sankaku/kaigaiyuukoutoshi/1009611.htm>



< Kasugai Fureai Classes (Pag-aaral ng Nihongo Para sa mga Bata)>

Silid Para sa Internasyonal na Pakikipagpalitan (Kokusai Koryu Room)

Tel: (0568) 56-1944

Klase ito para sa mga batang may roots sa dayuhang bansa, first time na mag-aaral ng Nihongo, at hindi masyadong nakakaintindi ng Nihongo.

Maaaring matuto ng madaling usapan, titik ng Nihongo, tungkol sa kultura ng Japan, at iba pa.

Petsa ▼ Lingo (39 beses sa isang taon)

Oras ▼ Alas 10:00 am ng Umaga hanggang 11:45 am

Lugar ▼ Rediyan Kasugai

Tao na maaaring mag-aral ▼ Dayuhang mag-aaral na nakatira sa Lungsod ng Kasugai mula 4 na taong gulang - mag-aaral nasa mataas na paaralan

Aplikasyon ▼ Mangyaring pumunta sa Silid ng Sanggunian 1, sa unang palapag nang hindi bababa sa 30 minuto bago ang klase.

Bayad sa Klase ▼ Libre

(Nihongong klase para sa mga bata)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/shisei/sankaku/kaigaiyuukoutoshi/1016664.html>



□ Hindi mahalaga ang nasyonalidad ng mga mag-aaral. Maaari kang magsimula anumang oras.

7. Health Insurance at Sistema ng Pensyon

Health Insurance, Medical Aid and Pension Section

Tel: (0568) 85-6156

Health Insurance

May tatlong uri ng Segurong Medikal: seguro sa lugar ng trabaho (segurong panlipunan), pambansang seguro sa kalusugan, at Sistema ng Seguro sa Pangangalaga na pang Matagalan.

<Pambansang Segurong Pangkalusugan (National Health Insurance)>

Mayroong nakatalang record sa Basic Resident Register, tulad ng mga nakikipag-ugnayan sa mga gawain upang makakuha ng medikal na pag-aalaga at mga gawaing nagbibigay ng pang araw-araw na pag-aalaga sa mga taong kaugnay nito, mga naninirahan ng hindi hihigit sa isang taon at nakikipag-ugnayan sa mga gawaing tulad ng paglilibang, recreation o iba pang mga gawaing tulad nito, o kaya naman ay pagsasama sa asawa nila. Para sa mga taong naninirahan sa kadahilanang hindi nauukol sa mga nabanggit, at sa mga hindi nabigyan ng kakayahang kumuha ng ibang health insurance, kailangan nilang kumuha ng Pambansang Segurong Pangkalusugan.

1. Ang buwis ng insurance ay depende sa kita sa isang taon (Annual income) ng taong may insurance, bilang ng miyembro ng sambahayan, at iba pa.
2. Kung magpapagamot sa ospital, huwag kalimutang dalhin ang Health insurance card, Liham ng kumpirmasyon ng kwalipikasyon, Iyong numero sa Traheta ng Seguro, alinman ang wasto ay dalhin din.

(Pambansang Segurong Pangkalusugan)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/zei/kokuho/index.html>



<Sistema ng Segurong Pangangalagang Medikal para sa mga Matatanda>

Systema ng Pagseguro ay ng Seguro sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Mas Matatanda ay isang uri ng segurong medikal para sa mga nakakatanda na may edad na mahigit sa 75 taon gulang (at 65 taon gulang pataas para sa mga may permanenteng kapansanan).

Taong mga nakatala sa Reshistro ng Saligang Mamayanan at nakikibahagi sa mga aktibidad para makatanggap ng pangangalagang medikal at taong mga nakikibahagi sa mga aktibidad para pangalagaan ang pang-araw-araw na buhay ng mga nakikibahagi sa mga naturang aktibidad, taong mga naninirahan sa loob ng hindi hihigit sa isang taon at nakatuon sa pamamasyal, paglilibang, at iba pang aktibidad Ang mga nananatili sa Japan para sa mga layunin maliban sa mga nakikibahagi sa mga katulad na aktibidad at ang kanilang mga kasamang asawa ay awtomatikong mapapatala sa Sistema ng Segurong Pangangalagang Medikal para sa mga Matatanda mula sa kanilang ika-75 na

kaarawan.

Bilang karagdagan, ang mga taong may edad na 65 o mas matanda na may ilang mga kapansanan na nakatala sa Reshistro ng Saligang Mamayanan at nakikibahagi sa mga aktibidad para makatanggap ng pangangalagang medikal at ang mga nakikibahagi sa mga aktibidad para pangalagaan ang pang-araw-araw na buhay ng mga taong nakikibahagi sa mga naturang aktibidad, Taong nananatili para sa isang panahon na hindi hihigit sa isang taon para sa mga layunin maliban sa pamamasyal, paglilibang, o mga katulad na aktibidad, at ang kanilang mga kasamang asawa, atbp., ay dapat magsumite ng sertipiko ng kapansanan o iba pang patunay ng kapansanan na maaari kang sumali sa pamamagitan ng pag-aaplay (opsyonal na pagiging kasapi).

1. Ang mga Mataas na Antas ng Seguro ay tinutukoy sa isang indibidwal na batayan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng "nakasegurong taong flat-rate na halaga" na pantay na binayaran ng lahat ng mga taong nakaseguro at ang "halagang nakabatay sa kita" na binayaran ng mga taong nakaseguro ayon sa kanilang kita.
2. Kapag tumatanggap ng paggamot sa isang ospital, siguraduhing magdala ng wastong kopya ng iyong Traheta ng Segurong Kalusugan, liham ng kumpirmasyon sa pagiging kwalipikado, o numero ng Traheta ng Segurong Kalusugan. (Hanggang Hulyo 31, 2025, isang kumpirmasyon ng pagiging kwalipikado ay ipapadala sa pamamagitan ng koreo pagkatapos iproseso ang iyong pagpapatala.)

(Sistema ng pangangalagang medikal para sa mga matatanda)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/senior/kourei/koukikourei/index.html>



< Tungkol sa Health Checkup atbp. >

Para sa may edad na 40 hanggang 74 taong gulang na mayroong National Health Insurance, may isinasagawang Special Health Checkup na ang layunin ay upang malaman at magamot nang maaga ang mga sakit na lifestyle-related tulad ng diabetes, high blood, atbp. Ayon sa resulta ng checkup na ito, magbibigay ng special health guidance sa mga taong nangangailangan ng gabay pangkalusugan.

(Tiyak na medikal na pagsusuri)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/zei/kokuho/tokuteikenshin/1027342.html>



At para sa mga may Seguro sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Mas Matatanda, may health checkup na ang layunin ay para maiwasan ang mga sakit na lifestyle-related, mapanatili at maitaguyod ang kanilang kalusugan.

(Medikal na pagsusuri para sa mga matatanda sa mga huling yugto ng buhay)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/zei/kokuho/tokuteikenshin/1001965.html>



Sistema ng Pampublikong Pensyon

Lahat ng taong may edad 20 hanggang 59 na nakatira sa Japan ay kinakailangang sumali sa pampublikong sistema ng pensyon, hindi alintana kung sila ay may Japanese nationality o wala.

Ang mga operasyon ng pensyon ay isinasagawa ng Serbisyong Pensyon ng Japan, na kinomisyon at ipinagkatiwala ng Ministri ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan. Magtanong sa opisina ng Serbisyong Pensyon ng Japan para sa mga detalye.

Opisina ng Pensyon Kita, Nagoya

Tel: (052) 912-1213

Lugar: 5-6-25, Shimizu, Kita-ku, Lungsod ng Nagoya 〒462-8666

Pinangangasiwaan ng munisipyo ng lungsod ang iba't ibang pamamaraan para sa mga taong nakaseguro para sa Kategoriya I, application para sa exemption sa pagbabayad ng seguro at iba pa.

(Pangkalahatang-ideya ng Pambansang Pensyon)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/zei/1003292/1028249.html>



(Homepage para sa Serbisyong Pensyon ng Japan)

<https://www.nenkin.go.jp/index.html>



8. Pangangalaga sa mga Matatanda at May Kapansanan

< Sistema ng Seguro para sa Nursing Care (Kaigo Hoken Seido) >

Nursing and Elderly Welfare Section Tel: (0568) 85-6183

Para sa mga sumusunod na indibidwal na mayroong karapatan sa long-term care insurance, maaari ninyong gamitin ang serbisyo nito matapos kumuha ng awtorisasyon mula sa munisipyo.

1. Nakarehistro sa Reshistro ng Saligang Mamayanan at 65 taong gulang pataas (Gayunpaman, kung maikli pa lamang ang panahon ng paninirahan sa Japan, hindi kayo sakop ng segurong mahaba na pangangalaga.
2. May edad na 40 gulang pataas ngunit wala pang 65 taong gulang at mayroong health insurance (Kapag kailangan ang pangangalaga sa pag-aalaga dahil sa isang karamdaman (tiyak na sakit) na tinukoy ng batas)

Upang magamit ang serbisyo ng long-term care, kailangang makipag-ugnayan sa local community comprehensive support center at tanggapan ng In-home long term support. Ipagkakaloob ang serbisyo matapos pag-usapan at planuhin ng gagamit, pamilya, at tanggapan ng nursing-care kung aling serbisyo ng nursing-care, kailan at gaano katagal ito gagamitin.

(Kapag kinakailangan ang pangangalaga sa pag-aalaga (Aplikasyon para sa sertipikasyon ng pang
pagaalaga))



<https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/1011073/kaigonintei.html>

< Sistema ng Welfare para sa mga may Kapansanan (disabled)>

Welfare for the Disabled Section Tel:(0568)85-6186

Ang mga taong may permanenteng kapansanang pisikal, kapansanan sa pag-iisip, o may problema sa kanyang emosyonal na kalagayan ay maaaring mag apply upang mabigyan ng booklet para sa taong may kapansanan (shogaisha techo) at mga serbisyong nauukol sa kanilang kapansanan. Depende sa uri (classification) at antas (level) ng pinanhahawakan nilang Shogai Techo, maaari rin silang mabigyan ng kompensasyon (pinansyal na tulong) at iba pa.

(Kagalingan sa kapansanan)



<https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/syogai/index.html>

9. Pagamutan

Mayroong pampubliko at pribadong pagamutan.

Pampublikong Pagamutan (Koritsu Byoin)

Kasugai Shimin Byoin

Lugar ▼ 1-1-1 Takaki Cho Kasugai Shi, Aichi Ken 〒486-8510

Tel: (0568) 57-0057

Oras ng pagtanggap ▼ Lunes hanggang Biyernes 8:30 am ng Umaga hanggang 11:30 am

Mga Saradong Araw ▼ Sabado, Linggo, pista opisyal, bakasyon sa Bagong Taon (mula Disyembre 29 hanggang Enero 3)

< Departamentong Medikal >

Internal Medicine, Nephrology, Diabetes and Endocrinology, Neurology, Respiratory Medicine, Gastroenterology, Cardiology, Mental Health, Pediatrics, Surgery, Orthopedics, Plastic Surgery, Neurosurgery, Respiratory Surgery, Cardiac Surgery, Vascular Surgery, Dermatology, Urology, Obstetrics at Gynecology, Otorhinolaryngology, Rehabilitation, Radiology, Radiation Therapy, Anesthesiology, Dentistry at Oral Surgery, Pathology, Emergency Medicine

*Maaaring kailanganing magbayad ng 7,700 yen (5,500 yen para sa pagpapagamot ng ngipin) bukod sa bayad sa pagpapagamot kung walang dalang referral letter sa oras ng unang pagpapatingin.

Pribadong Pagamutan (Minkan Byoin)

Ang mga araw ng pagsasara at oras ng konsultasyon ay nag-iiba ayon sa pagamutan.

10. Kapag Magpapatingin para sa Emergency sa Holiday, o sa Gabi ng Ordinaryong Araw

- (1) Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong doktor. Ang iyong pampamilyang doktor ay makakagawa ng komprehensibong pagsusuri batay sa iyong mga regular na pagsusuri at iba pang impormasyon, at bibigyan ka ng naaangkop na paggamot.
- (2) Kung wala ang inyong doktor, maaari kayong magpatingin sa mga sumusunod na emergency clinic para sa holiday at gabi ng ordinaryong araw. Mangyari lamang na tiyakin ang oras para sa serbisyong medikal at iba pa, at tumawag sa klinika bago pumunta roon.

Emergency Clinic ng Lungsod ng Kasugai para sa Holiday at Gabi ng Ordinaryong Araw (General Health Care Center) Tel: (0568) 84-3060

Departamentong Medikal	Araw ng Konsultasyon	Oras ng Konsultasyon	- Tumatanggap ng pasyente mula 30 minuto bago magsimula ang oras ng konsultasyon hanggang 30 minuto bago matapos ang oras ng konsultasyon. - Ang emergency clinic na ito ay isinasagawa sa tulong ng Medical Association/Dental Association at Pharmacist Association.
Internal Medicine Pediatrics	Gabi ng ordinaryong araw *Liban sa pista opisyal at bakasyon sa Bagong Taon	9:00 pm - 11:30 pm	
	Sabado *Liban sa pista opisyal, at bakasyon sa Bagong Taon	6:00 pm - 9:00 pm	
	Linggo, Pista opisyal at bakasyon sa Bagong Taon (12/30-1/3)	9:00 am - 12:00 noon 1:00 pm - 5:00 pm 6:00 pm - 9:00 pm	
Surgery	Linggo, Pista opisyal at bakasyon sa Bagong Taon (12/30-1/3)	9:00 am - 12:00 noon 1:00 pm - 5:00 pm	
Dentistry	Linggo, Pista opisyal at bakasyon sa Bagong Taon (12/30-1/3)	9:00 am - 12:00 noon	

- (3) Kung kayo ay hindi makakapagpatingin sa inyong doktor, gayundin sa emergency clinic para sa holiday at gabi ng ordinaryong araw, o kung hindi ninyo alam kung saan magpapatingin, mangyari lamang na makipag-ugnayan sa mga sumusunod na tanggapan.

(Kapag bigla kang nagkasakit sa isang holiday o araw ng linggo)

https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/iryo/kyujitsukyubyo_list/kyuujitsukyu.html

Aichi Prefecture Emergency Medical Care and Information Center

Tel: (0568)81-1133



Ituturo sa inyo ang pinakamalapit na pagamutan, kaya mangyari lamang na ipaalam ang mga sintomas, address, pangalan, edad atbp. ng pasyente.

* Mangyaring siguraduhing tumawag muna bago pumunta sa pagamutan. At kung hindi na kailangang magpatingin, mangyari lamang na ipagbigay-alam ito sa pagamutan.

Pagtanggap ▼ 24 oras araw-araw

Aichi Prefecture Emergency Pediatric Telephone Consultation Service

#8000 (pinaikling numero) Tel: (052)962-9900

Maaaring tumawag upang magkonsulta sa espesyalista kung ang inyong anak ay biglaang nagkasakit sa gabi, at kailangan ninyo ng payo kung dadalhin ang anak sa pagamutan o hindi.

Oras ng pagtanggap ▼ Araw-araw, 7:00 pm - 8:00 am ng susunod na araw

Aichi Emergency Medical Service Guide (Aichi Prefecture Emergency Medical Information System)

<https://www.qq.pref.aichi.jp/>



Maaaring hanapin online ang pagamutan kung saan maaaring magpatingin sa oras na kailangan. Bago magpatingin, siguraduhing makipag-ugnayan ng direkta sa pagamutan.

11. Tungkol sa mga Bata

Welfare

< Suporta sa Gastos ng Pagpapagamot ng mga Bata >

Health Insurance, Medical Aid and Pension Section

Tel: (0568)85-6194

Maaaring mabigyan ng tulong ang mga sumusunod para sa aktwal na halagang dapat bayaran pagkatapos ibawas ang halaga na sakop sa medical insurance.

- Bayad sa pagpapaospital (in-patient) at pagkonsulta sa doktor (outpatient) ng inyong anak hanggang sa katapusan ng piskal na taon kung kailan naging 18 taong gulang ang bata.

(Suporta sa Gastos ng Pagpapagamot ng mga Bata)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kosodate/1002397/kosodate/1002480.html>



<Suportang Medikal para sa mga Gastos sa Pagpapagamot ng mga Estudyante >

Health Insurance, Medical Aid, and Pension Section

Tel:(0568)85-6194

Maaaring mabigyan ng tulong ang mga estudyanteng nasa edad na 18 taong gulang mula April 1 na simula ng taon ng pasukan hanggang sa edad na 24 sa pagtatapos ng taon ng pasukan para sa aktwal nilang bayarin sa pagpapaospital (in-patient) at pagpapakonsulta sa doktor, pagkatapos ibawas ang halaga na sakop ng segurong medikal.

* Mangyaring tingnan ang website ng Lungsod para sa mga detalye.

(Suportang Medikal para sa mga Gastos sa Pagpapagamot ng mga Estudyante)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/iryo/kakusyuiryuu/1019892.html>



<Child Allowance>

Childcare Support Section

Tel: (0568)85-6201

Katumbas na edad ng bago pumasok sa mataas na paaralan (Hanggang sa katapusan ng unang taon ng pananalapi pagkatapos maabot ang edad na 18) Ang benepisyonang ito ay binabayaran sa mga nagpapalaki ng mga anak. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin para sa higit pang mga detalye.

(Child Allowance)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kosodate/1002302/1002303.html>



<Pinansyal na Tulong Para sa Pagpapalaki ng Bata, Pinansyal na Tulong ng Aichi Prefecture Para sa mga Naulila, Pinansyal na Tulong Para sa Kapakanan ng Bata >

Childcare Support Section Tel:(0568)85-6201

Makatatanggap ng pinansyal na tulong o allowance ang single parent o ang taong tagapag-aruga ng batang walang magulang na 18 taong gulang pababa (Hanggang sa huling araw ng piskal na taon kung kailan naging 18 taong gulang. Tungkol sa pinansyal na tulong para sa pagpapalaki ng bata at pinansyal na tulong para sa kapakanan ng bata, hanggang bago maging 20 taong gulang kung may permanenteng kapansanan ay hanggang 20 taong gulang). Dahil ang bawat sistema ay may mga kondisyon sa pagbibigay ng pinansyal na tulong, limitasyon sa kita at iba pa, mangyaring makipag-ugnayan para sa mga detalye tungkol dito.

(Ayuda para sa pagpapalaki ng bata)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kosodate/1002302/1002305/1002306.html>



(Ayuda ng Ulila sa Prefektyur ng Aichi)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kosodate/1002302/1002305/1002309.html>



(Ayuda ng Kapakanan Pang Bata sa Lungsod ng Kusagai)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kosodate/1002302/1002305/1002308.html>



< Nursery School, Center for Early Childhood Education and Care (Nintei Kodomo-en), at Small-Scale Nursery (Shokibo Hoikuen) >

Nursery Section Tel: (0568)85-6202

Ang mga Nursery School ay pasilidad para sa kapakanan ng mga bata na nagbibigay ng maayos na pag-aalaga at edukasyon para sa mga batang 6 na buwan pataas na hindi pa nag-aaral sa oras na kinailangan nila ng masusing pag-aalaga kapalit ng kanilang mga tagapag-alaga tulad ng kung ang kanilang mga magulang ay nagtatrabaho o nag-aalaga ng miyembro ng pamilyang may sakit.

Ang mga Center for Early Childhood Education and Care (Nintei Kodomo-en) ay nagbibigay ng pangkalahatang serbisyo sa edukasyon at pag-aalaga ng mga pre-school na bata, kabilang na ang pagpapalakad ng nursery at kindergarten na mga paaralan.

Ang mga Small-Scale Nursery ay proyekto ng paalagaan ng mga bata na awtorisado ng lungsod na alagaan ang mga bata sa halip na mga magulang tulad ng ginagawa sa mga Nursery School. Nagbibigay ng kalinga ang mga institusyong ito sa takdang bilang na 6 hanggang 19 na bata na nasa edad 0 hanggang sa edad na mababa sa 3 taon.

(Ano ang isang paaralang alagaan ng mga bata, sertipikadong paaralang alagaan ng mga bata, o maliit na paaralang alagaan ng mga bata?)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kosodate/1002319/hoikuen/1002325.html>



Kalusugan

<Pagbabakuna>

Health Promotion Section Tel: (0568)85-6168

[Regular na Pagbabakuna]

Nakatakda ang edad at beses ng pagbabakuna para sa bawat bakuna. Ang mga sakop ay padadalhan ng kupon para sa pagbabakuna sa pamamagitan ng koreo. Mangyaring kumuha ng appointment sa pagamutang itinalaga sa loob ng lungsod, dalhin ang kupon at handbook para sa kalusugan ng ina at anak, at magpabakuna. Subalit, kung sakaling nawala ang kupon, o kung magpapabakuna sa ibang munisipalidad, lungsod o iba pa, kailangan ang proseso sa Health Promotion Section.

[Boluntaryong Pagbabakuna]

(Beke)

Babayaran ng lungsod ang bahagi ng gastusin sa pagbabakuna ng mga batang hindi pa pumapasok sa elementarya na may edad na 1 hanggang 6 na taong gulang sa araw ng pagbabakuna. *May takdang kondisyon para rito.

(Mga pagbabakuna ng mga bata)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/iryo/yobou/1027116/index.html>



<Hanbuka Kalusugan ng Ina at Bata>

Seksyon ng Suporta sa mga Bata at Pamilya Tel: (0568)85-6170

Pagkabigay ninyo ng notipikasyon ng pagbubuntis, kayo ay makatatanggap ng Handbook para sa Kalusugan ng Ina at Bata na nakasalin sa ibang wika o sa Nihongo. May ibinibigay ding hiwalay na lathala na “Gabay para sa Ina at Bata” na ang nilalaman ay mga health checkup card at examination slip para sa nagbubuntis at nagpapasusong ina at kanyang sanggol. (Ang mga opisina ay matatagpuan sa Seksyon ng Suporta sa Pamilya at Sanggol sa ikalawang palapag ng bulwagang lungsod at sa ikatlong palapag ng Sentrong Medikal at Pangkalahatang Kalusugan)

(Abiso sa pagbubuntis, Hanbuk ng kalusugan ng ina at bata)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/iryo/bosihoken/1003145.html>



<Mga pagsusuri sa kalusugan para sa mga sanggol at maliliit na bata>

Seksyon ng Patakaran sa bata at Suporta sa Pamilya Tel: (0568)87-1552

Isinasagawa ang Health check sa apat na buwang sanggol, isa't-kalahating taong gulang at 3 taon gulang na bata. Padadalhan ng notipikasyon sa pamamagitan ng koreo ang mga dapat tumanggap.

(Pagsusuri sa kalusugan ng sanggol (pangkat na pagsusuri sa kalusugan, pagsusuri sa kalusugan para sa gulang, 1 taon 6 na buwang gulang, at 3 taong gulang))

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/iryo/bosihoken/1003173.html>



Edukasyon

<Kindergarten>

Nursery Section

Tel: (0568)85-6202

Ito ay isang institusyong pang-edukasyon sa preschool para sa mga batang nasa pagitan ng edad na 3 at 5. May mga pribadong kindergarten sa lungsod. Para sa mga detalye, mangyaring suriin sa mga bawat kindergarten.

<Pamublikong Mababa at Mataas na Paaralan>

School Education Section

Tel: (0568)85-6441

Ang pagpasok sa elementarya ay simula sa edad na 6 na taong gulang at magtatapos sa edad na 12 na taong gulang. Ang pagpasok sa junior high school naman ay mula sa edad na 12 na taong gulang at magtatapos sa edad na 15 na taong gulang. Kung nais na pumasok ng paaralan, kinakailangang mag-apply ang tagapangalaga (magulang) sa Kasugai City Board of Education.

Kung may kadahilanang pinansyal, maaaring makatanggap ng tulong para sa bahagi ng kinakailangang bayaran sa paaralan.

Mangyaring magtanong para sa mga detalye tungkol dito.

(Tungkol sa tulong sa pagpasok sa paaralan)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kosodate/1002499/school/1009202.html>



<School Lunch >

School Lunch Section

Tel: (0568)85-6341

May lunch na ibinigay sa tanghalian para sa elementarya at junior high school.

Kung ang iyong anak ay may allergy sa pagkain o tumangging kumain ng mga tanghalian sa paaralan para sa mga relihiyosong kadahilanan, mangyaring ipagbigay-alam sa paaralan nang maaga.

Ang mga bayarin sa tanghalian sa paaralan ay hindi agarang binabayaran. May tatlong paraan upang magbayad para sa mga bayarin sa tanghalian sa paaralan: (1) pagbabayad mula sa ayuda ng bata, (2) direktang bayad mula sa banko, at (3) pagbabayad sa pamamagitan ng slip ng pagbabayad. Mangyaring pumili ng isa sa (1) hanggang (3).

Tandaan na para sa mga pinansiyal na dahilan, ang mga gastusin tulad ng mga gastusin sa tanghalian sa paaralan ay maaaring ma-bigyan ng subsidyo. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa School Lunch Section.

(Mga gastos sa tanghalian sa paaralan)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kosodate/1002499/kyushoku/1012060.html>



12. Screening Test, Medical Examination at Pagbabakuna

< Screening Test ng Kanser at iba pa >

Health Promotion Section

Tel: (0568)85-6166

Ang bawat panrepass ay may naaangkop na hanay ng edad, at ang mga karapat-dapat na indibidwal ay ipapadala sa koreo ng naaangkop na panrepass tiket. Mangyaring gumawa ng kasunduan sa isang itinalagang institusyong medikal sa lungsod at dalhin ang iyong tiket sa kasunduan, tarheta ng segurong kalusugan, bayad sa medikal, at patunay ng kategorya ng seguro kapag bumisita ka sa institusyong medikal. Isang bagay na nagpapakita ng iyong klasipikasyon ng seguro (tarheta ng segurong pang menor, tarheta ng segurong pang kalusugan (hindi pa expire), tarheta ng kumpirmasyon ng kwalipikasyon). Ang mga butser ay may petsa ng pag-tatapos. Kung nawala mo ang iyong tiket sa medikal na pagsusuri, kailangan mong mag-aplay para sa muling pag-isyu sa Seksyon ng Pagsusulong ng Kalusugan nang maaga.

(Paano sumailalim sa kanser screening, atbp. at muling pagbibigay ng tiket sa pagsusuri)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/iryo/1003121/1003125.html>



<Dental Examination>

Health Promotion Section

Tel: (0568)85-6422

Nagsasagawa ng libreng dental examination para sa mga taong nasa edad na 20, 30, 40, 45, 50, 55, 60, 65, 70, 76 at 80 taong gulang, pati na rin ang mga kababaihang buntis at nanganak o manganganak sa loob ng taong piskal ng 2024 (ika-1 ng Abril 2024 hanggang ika-31 ng Marso 2025). Padadalhan ng kupon ang mga taong nararapat sa pamamagitan ng koreo.

Ang mga buntis na kababaihan at mga bagong ina ay maaaring magpatingin sa ngipin gamit ang "Dental Panrepass Kupon para sa mga Buntis na Babae" na makikita sa "Hanbuk ng Ina at Anak" na magkahiwalay na volume ng Hanbuk sa Kalusugan ng Ina at Bata.

Mangyaring gumawa ng appointment sa isang institusyong medikal sa lungsod na nagsasagawa ng pagsusulit, at dalhin ang iyong medical voucher at Traheta ng Serurong Kalusugan kapag pupunta ka para sa iyong appointment. Ang voucher ng medikal na pagsusuri ay may petsa ng pag-expire.

Kung nawala mo ang iyong tiket sa medikal na eksaminasyon, kakailanganin mong mag-aplay para sa muling pag-isyu nang maaga.

(Klinika para sa malusog na ngipin)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/iryo/1003195/1003205.html>



(Pagsusuri sa ngipin para sa mga matatanda)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/iryo/1003195/1031042.html>



(Pagsusuri sa ngipin para sa mga buntis at nagpapasusong ina)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/iryo/1003195/1003204.html>



<Pagbabakuna> *Nakasulat sa "11 Tungkol sa mga Bata" ang pagbabakuna ng mga bata
Health Promotion Section Tel: (0568) 85-6168

[Rubella] *Tigdas Hangin

Maaaring magpa-test at magpabakuna sa Rubella nang libre ang mga lalaking ipinanganak mula Abril 2, 1962 hanggang Abril 1, 1979. (Hanggang Marso 2025)

At babayaran ng lungsod ang bahagi ng bayad sa pagbabakuna ng mga mag-asawang nagbabalak o nagnanais na magbuntis, at ng asawa ng babaeng nagbubuntis.

*May takdang kondisyon para rito.

[Influenza] *Trangkaso

Maaaring magpabakuna ang mga may edad na 65 sa araw na magpapabakunasa pamamagitan ng sariling pagbabayad ng bahagi ng bayad sa pagbabakuna. (May nakapirming panahon kung kailan maaari kang tumanggap ng pagbabakuna.)

[Pneumococcal Vaccine] * Bakuna laban sa Pulmonya

Ang mga taong 65 taong gulang sa araw ng pagpapabakuna ay maaaring makatangap ng pagpapabakuna sa pamamagitan ng pagbabayad ng ilang bahagi ng halaga ng pagpapabakuna sa kanilang sarili. Ang isang postcard ng impormasyon ay ipadala sa koreo sa mga karapat-dapat.

Bilang karagdagan, babayaran ng lungsod ang bahagi ng halaga ng pagbabakuna para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda sa araw ng pagbabakuna.

*May takdang kondisyon para rito.

[Bagong coronavirus]

Ang mga taong 65 taong gulang o mas matanda sa araw ng pagbabakuna ay maaaring makatangap ng pagbabakuna sa pamamagitan ng pagbabayad ng bahagi ng pagbabakuna sa kanilang sarili. (May nakatakdang panahon kung kailan maaari kang tumanggap ng pagbabakuna.)

[Shingles] *Herpes

Para sa mga taong 50 taong gulang o mas matanda sa araw ng pagbabakuna, babayaran ng lungsod ang bahagi ng halaga ng pagbabakuna. Mayroong dalawang uri ng mga bakuna, kaya mangyaring kumunsulta sa iyong doktor bago magpabakuna.

*May takdang kondisyon para rito.

(Pagbabakuna sa matatanda)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kenko/iryoyobou/1027125/index.html>



13 Sunog

Kapag may sunog, tumawag agad sa 119 at ipaalam ito.

Halimbawa ng Pag-uulat ng Nangyari

Operator: Sunog ba o emergency?

Taong tumatawag: Sunog po.

Operator: Saan ang sunog? Pakibigay ang address.

Taong tumatawag: Sa ○○-cho 1-chome-1 banchi, △△nursing home po.

Operator: Ilang palapag ang gusali at anong palapag nagmula ang sunog?

Taong tumatawag: Dalawang palapag at sa kusina sa unang palapag nagmula ang sunog.

Operator: Ginamit nyo ba ang fire extinguisher??

Taong tumatawag: Sinubukan ko pero hindi pa rin namatay ang apoy.

Operator: May nasaktan ba o hindi nakalikas?

Taong tumatawag: May dalawang tao sa loob ng kusinang hindi nakalikas.

Operator: Nakalikas ba kayo?

Taong tumatawag: Pinagsama, may ○ staff at residente ang nakalikas.

*Kapag nakumpirma ang kaligtasan ng taong nag-ulat ng sunog, magtatanong ng iba't ibang bagay ang operator.

Tiyakin muna kung ano ang tatanungin sa inyo upang hindi mataranta at makapag-ulat nang wasto.

14. Emergency

Sa oras ng biglang pagkakasakit o aksidente, kung na-injure at iba pang kailangan ng madaliang medikal na atensyon, tumawag kaagad sa 119.

Halimbawa ng Pag-uulat ng Nangyari

Operator: Sunog ba o emergency?

Taong tumatawag: Emergency po.

Operator: Saang address ipapadala ang ambulansya?

Taong tumatawag: Sa ○○-cho 1-chome-1 banchi. △△ nursing home po.

Operator: Anong nangyari? Sino ang may kailangan ng tulong?

Taong tumatawag: Bigla pong natumba si Mr. ○○, ○○ taong gulang.

Operator: Nakakausap ba siya? Humihinga ba siya?

Taong tumatawag: Hindi siya sumasagot at hindi rin humihinga.

Operator: Mangyaring ilagay ang iyong cell phone sa speaker mode.

Taong tumatawag: Linagay ko na po.

Operator: Kailangan mong mag-perform ng first aid (pag-compress ng dibdib at pagpapahinto ng pagdudugo).

[Sundin ang utos ng operator at mag-perform ng first aid.]

Operator: Pakigabayan na lamang ang darating na paramediko sa inyong lugar. Pakibigay mo ang iyong pangalan.

Taong tumatawag: May tauhang lalabas sa entrance. Ako po si XX.

- * Alamin antimano kung ano ang ang tatanungin sa inyo, ayusin ang impormasyon sa pag-uulat, para sa mabilis na pagtugon sa hinihinging saklolo.
- * Dahil kailangan ang madaliang pagbibigay ng impormasyon, kapag walang kumpiyansa sa pagsasalita, hindi alam ang address atbp., mangyaring makipagpalit sa ibang taong maaaring magpaliwanag ng nangyari at makapagsasabi ng tamang lokasyon.

15. Pulisya

Kung may nangyaring aksidente o krimen, iulat ito sa numerong 110.

Halimbawa na Pag-uulat ng Nangyari

Kung tatawag sa numerong 110, mahinahong ipaalam ang mga sumusunod na bagay.

“Ano ang nangyari”

“Kailan nangyari”

“Saan nangyari”

“Inyong pangalan”

16. Basura

Sanitary Administration Section

Tel: (0568)85-6222

Sa lungsod ng Kasugai, ang mga basura at Recyclable (bagay na maaaring i-recycle) ay pinagbubukod.

Para sa mga detalye, sumangguni sa Pagtatapon ng Recyclables at Basura (English, Korean, Chinese, Spanish, Portuguese, Vietnamese). Ito ay ipinamimigay sa loob ng cityhall.

Klasipikasyon ng Recyclable/Basura	Mga halimbawa	Paraan ng pagtatapon	Dalas ng Pagkolekta
Recyclable (Mga lalagyan at pambalot na gawa sa plastik)	Lalagyan, tray ng itlog Pambalot ng mga pagkaing frozen, kendi atbp. Takip ng pet bottle, label,  Styrofoam	Ilagay sa itinalagang supot ng basura (malinaw)	1 beses sa isang linggo
Recyclable (Lata ng inumin, Bote, Pet bottle)	Lata o aluminum na lalagyan Roteng lalagyan ng inumin o pagkain  PET Pet bottle (plastik na lalagyan ng inumin, toyo at iba pang likido)	Ilagay sa itinalagang supot na malinaw/naaaninag *Paghiwalayin at ilagay sa bukod na supot na plastik ang mga lata ng inumin, mga babasaging bote at PET bottle.	2 beses sa isang buwan
Recyclable (Lumang papel, Damit)	Dyaryo (Kasali ang papel nakaipit dito) Magasin (Kasali dito ang kahon ng tissue, atpb.) Mga babasahin, karton, tetrapack, mga lumang damit	Itali ito gamit ang papel na pantali *Pwedeng isama sa magasin ang sari- saring klase ng papel o ilagay sa paper bag.	2 beses sa isang buwan
Recyclable (Mga metal (kasama ang mga maliliit na gamit na de-kuryente))	Kaldero, kawali, takure Maliliit na gamit na de-kuryente, langis o gas *Hindi kasali ang mga kagamitang pambahay na maaaring ma-recycle tulad ng telebisyon at iba pa. Gayundin, ang mga rechargeable na baterya ay karaniwang tinatanggal at dinadala sa mga tindahang sumusuporta	Ilagay sa itinalagang supot na malinaw/ naaaninag	1 beses sa isang buwan

	sa pag-recycle.		1 beses sa isang buwan
Mga metal (Madaling masunog at mapanganib na bagay)	Lata ng spray, gas cylinder, disposable lighter, at mga maliliit na kasangkapan na may built-in rechargeable na baterya. *Gamitin ang spray can at gas cylinder hanggang maubos at butasan ito. Gamitin hanggang maubos ang disposable lighter.	Ilagay sa itinakdang supot ng basura. (Kulay pula) *Dalhin sa pampublikong pasilidad ang mga lata ng spray atbp. na hindi pa ubos at hindi maaaring butasan.	
Basurang nasusunog	Nabubulok (tirang pagkain), mga tirang kahoy, mga kagamitang gawa sa balat, cassette tape, video tape, sapatos, dayaper, upos ng sigarilyo, Mga lalagyan at balot na plastik na hindi matanggal ang dumi, mga produktong plastik na hindi lalampas sa 30 cm ang laki	Ilagay sa itinakdang supot ng basura (Dilaw)	2 beses sa isang linggo
Basurang di nasusunog	Mga produktong plastik, babasagin, at seramiko na 30 cm hanggang 80 cm ang laki	Itinakdang supot ng basura (Asul)	2 beses isang buwan

Itapon ang mga recyclable at basura nang hindi lalampas ng alas 8 ng umaga sa araw ng pagkolekta sa lugar ng tapunan ng basurang nakatakda sa bawat distrito.


Paraan ng Pagtatapon ng mga bagay na Recyclable na Basura

Sa lungsod ng Kasugai, ang mga bagay na recyclable at mga basura na kinokolekta sa mga bahay ay pinagbubukod. Upang mapanatiling malinis ang lugar ng tapunan ng basura, sundin ang mga sumusunod kapag magtatapon ng mga bagay na recyclable at mga basura.

- Ilagay ang mga “Basurang nasusunog”, “Basurang di nasusunog”, “Mga plastic na lalagyan at pakete”, at “Mga metal (Madaling masunog at mapanganib na bagay)” sa nakatakdang pambasurang plastic bag. Nabibili ang

mga nakatakandang pambasurang plastic bag sa mga supermarket at convenience store.

- Ibukod ang mga bagay na recyclable at mga basura bago itapon sa lugar ng tapunan.
- Itapon ang mga basura sa nakatakandang lugar ng tapunan ng bawat distrito. Kapag may nakalatag na net na proteksyon sa mga ibon, ilagay ang basura sa loob ng net na ito.
- Itapon ang mga bagay na recyclable at mga basura bago mag alas 8 ng umaga sa nakatakandang araw ng pagkolekta ng basura. Huwag magtapon isang araw bago ang takdang araw ng pagkolekta ng basura. Hindi na mahahakot ang mga itinapong bagay na recyclable at basura kapag lumagpas na sa oras ng paghahakot.
- Iba iba ang takdang araw ng pagkolekta ng basura sa bawat distrito. Tingnan ang application na 「さんあーる」 (Maaari itong i-install sa pamamagitan ng QR code na nasa kanan.) o ang iskedyul ng pagkolekta sa Kalendaryo para sa Pamamahala ng Kapaligiran (Kankyō Calendar). (Ito ay ipinamimigay sa City Hall at sa iba pang pampublikong pasilidad sa loob ng lungsod.)



- Hindi maaaring itapon sa lugar ng tapunan ng basura ang mga sumusunod. (May nakatakandang bayad ang pagtatapon)

Uri	Paraan ng Pagtatapon
Malalaking basura (may sukat na nasa pagitan ng 80 cm at 2 m; may bigat na mababa sa 50 kg)	Paraan ng Paghakot: Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Tagapamahala ng Basura (1 piraso Y1,000) ※ hanggang 3 piraso lamang sa 1 beses na paghakot Maaaring dalhin ang basura sa : Clean Center (Nag-iiba ang halagang babayaran depende sa bigat)
Aircon, TV, Refrigerator, Freezer, Cooler/warmer box, Washing machine, Clothes dryer	May bayad ang mga recyclable na bagay Basahin ang detalye hinggil dito sa "Handbook tungkol sa paraan ng pagtatapon ng mga recyclable at basura"
Specified waste (Spring mattress, gulong, baterya, hubcap atbp. ng pribadong sasakyan)	Koleksyon: Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Tagapamahala ng Basura Maaaring dalhin sa Clean Center (Nag-iiba ang halagang babayaran depende sa uri)

Personal Computer	Hindi ito kinokolekta o pinoproceso sa lungsod. Kontakin ang kumpanyang pinahintulutan ng lungsod "Renet Japan Recycle Company" Tel: (0570-085-800) o magpadala ng aplikasyon sa website (https://www.renet.jp) o sa manufacturer. 
Mga basurang naipon dahil sa paglilipat ng bahay atbp.	Mangyaring dalhin sa Clean Center. (Magkakaiba ang halagang babayaran ayon sa bigat.)

* Kailangang tumawag muna sa Clean Center bago magdala ng basura sa Clean Center.

~ Para sa mga Katanungan (Hinihiling na gawin ang pagtatanong sa Nihongo.) ~

- Tungkol sa Pagbubukod ng Basura, at Pag-recycle

Sanitary Administration Section

Tel: (0568) 85-6222

- Tungkol sa Pagkolekta ng Malalaking Basura, Lugar ng Tapunan ng Basura

Tanggapan ng Tagapamahala ng Basura

Tel: (0568) 84-3211

- Tungkol sa Pagdadala ng Basura at Recyclable na Bagay

Clean Center

Tel: (0568) 88-0247 Lugar: Kagiyacho 1-2

17. Pag-iwas sa Sakuna

Alamin ang mga evacuation center/site kapag nagkaroon ng sakuna. May ginawa kaming “Mapa ng Earthquake Disaster Prevention” at “Flood Hazard Map” kung saan makikita ang mga nakatalagang evacuation center/site sa loob ng lungsod.

Ito ay ipinamimigay sa City hall at iba pang pampublikong pasilidad sa lungsod.

(Mapa ng Earthquake Disaster Prevention)

https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/bosai/1025983/1025986/jishinbosai_map.html



(Flood Hazard Map)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/shisei/machi/haisui/hazardmap/index.html>



18. Buwis

(1) Income Tax (National Tax)

Komaki Tax Office Tel: (0568)72-2111
1-424 Chuo Komaki Shi, Aichi Ken 〒485-8651

[Ano ang income tax?]

- Buwis ito sa income sa isang taon (mula Enero 1 - Disyembre 31) ng indibidwal.
- May 7 antas ng tax rate: 5%, 10%, 20%, 23%, 33%, 40% at 45%, kung saan mas malaki ang income na papatawan ng buwis, mas mataas ang tax rate.

(2) Buwis pang munisipyo / Buwis pang prefektyural / Buwis pang kapaligiran ng kagubatan


Residents Tax Section Tel: (0568) 85-6093

[Buwis pang munisipyo/buwis pang prefektyural]

Ang buwis na ibinayad sa Lungsod ng Kasugai ay tinatawag na buwis ng munisipyo, at ang buwis na ibinayad sa Aichi prefektyur ay tinatawag na buwis pang prefektyural, at ang mga ito ay tinatawag na “buwis pang residente.”

Halaga ng buwis: Ang buwis ay ipinapataw sa kita mula sa nakaraang taon (Enero 1 hanggang Disyembre 31).

Binubuo ito ng isang fixed per capita na halaga at isang batay sa kita na halaga depende sa iyong kita.



- Buwis pang munisipyo/buwis pang prefektyural:

1. Mga taong may tirahan sa Lungsod ng Kasugai simula ika-1 ng Enero
2. Mga taong may tirahan sa labas ng lungsod, ngunit may opisina o tirahan sa Lungsod ng Kasugai simula Enero 1.

Kung 1 o 2 ang nalalapat at ang iyong kita ay lumampas sa karaniwang halaga, ikaw ay bubuwisan.

- * Sa kaso ng 2, ang per capita na halaga lamang ng buwis pang munisipyo at buwis pang prefektyural ang ipapataw.

[Buwis pang kapaligiran ng kagubatan (pambansang buwis)]

Ito ay buwis para sa wastong pagpapanatili ng mga kagubatan. Kinokolekta ito kasama ng buwis pang munisipyo at buwis pang prefektyural.

Halaga ng buwis: 1,000 yen

[Paraan kung paano magbayad ng buwis]

1. Espesyal na bawas mula sa suweldo

Paraan ito kung saan ibinabawas ng pinagtatrabahuhan (kumpanya) ang municipal residents tax at prefectural residents tax mula sa suweldo, at ang kumpanya ang nagbabayad para sa empleyado.

2. Ordinaryong koleksyon

Paraan ito kung saan binabayaran ng mismong tao ang buwis sa pinansyal na institusyon, convenience store atbp. gamit ang notice para sa pagbabayad ng buwis (payment slip) na ipinapadala ng lungsod sa koreo.

3. Espesyal na bawas mula sa mga pampublikong pensiyon

Paraan ito kung saan ibinabawas ang "municipal residents tax at prefectural residents tax sa pampublikong pensyon atbp." ng taong may 65 taong gulang pataas mula sa ibinibigay sa kanyang pampublikong pensyon.

(Indibidwal na buwis pang munisipyo, indibidwal na buwis pang prefektyural, buwis pang kapaligiran ng kagubatan (pambansang buwis))

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/zei/zei/shiminzei2/index.html>



[Kasunduan sa buwis]

Ang kasunduan sa buwis ay isang kasunduan sa buwis na ginawa sa pagitan ng mga bansa upang alisin ang dobleng pagbubuwis at maiwasan ang pag-iwas sa buwis at pag-iwas sa buwis.

Kung ikaw ay isang internasyonal na estudyante o business trainee mula sa isang bansa kung saan ang Japan ay may kasunduan at nakakatugon sa ilang mga kundisyon, maaari kang maging hindi saklaw sa pagbabayad ng buwis sa kita, buwis pang munisipyo, o buwis pang prefektyural. Nag-iiba ang mga detalye depende sa bansa, kaya pakitingnan ang website ng Kagawaran ng Pananalapi.

[Kapag bumalik sa iyong bansa]

1. Magtalaga ng isang tagapangasiwa ng buwis

Ang isang administrador ng buwis ay isang taong namamahala sa mga pamamaraan ng buwis para sa iyo.

Kapag aalis sa Japan, siguraduhing pumili ng ahente ng buwis.

(Tungkol sa tagapangasiwa ng buwis)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/zei/zei/shiminzei2/1022678.html>



2. Bayaran ang natitirang buwis

Ang anumang natitirang buwis ay dapat bayaran bago umalis sa Japan.

Kung ang buwis pang munisipyo, buwis pang prefektyural, at buwis pang kapaligiran ng kagubatan ay ibabawas sa iyong suweldo, maaari mong bayaran ang mga ito nang sabay-sabay gamit ang iyong huling suweldo. Mangyaring kumunsulta sa isang tao sa kumpanya.

Kung hindi ka makakapagbayad ng buo bago umalis sa Japan, ang iyong itinalagang ahente ng buwis ay makakatanggap ng abiso sa buwis sa ibang araw.

(3) Light Motor Vehicle Tax (batay sa klasipikasyon)

Residents Tax Section

Tel: (0568)85-6092

[Ano ang Light Motor Vehicle Tax (batay sa klasipikasyon)?]

- Ipinapataw ang buwis na ito sa mga taong nagmamay-ari ng light motor vehicle atbp. (scooter, maliit na special motor vehicle, light motor vehicle, motorsiklong lampas sa 250 cc) sa petsang Abril 1.
- Ipinapataw ang buwis na ito sa munisipalidad kung nasaan ang takdang pinaglalagyan ng light motor vehicle atbp.
- Itinatakda ang halaga ng buwis ayon sa klasipikasyon, petsa ng rehistrasyon ng sasakyan atbp.

[Saan gagawin ang proseso ng pagbabago ng address atbp. ng light motor vehicle atbp.]

- Scooter (125 cc pababa) at maliit na special motor vehicle
Residents Tax Section Tel: (0568) 85-6092
- Light motorcycle (lampas 125 cc hanggang 250 cc)
Komaki Office for Motor Vehicle Inspection and Registration,
Aichi Transport Branch Office Tel: 050-5540-2048
- Motorcycle (lampas 250 cc)
Komaki Office for Motor Vehicle Inspection and Registration,
Aichi Transport Branch Office Tel: 050-5540-2048
- 3-gulong at 4-gulong na light motor vehicle
Komaki Branch ng Light Motor Vehicle Inspection Organization ng Aichi
Tel: 050-3816-1773

(4) Fixed Property Tax

Property Tax Section

Tel: (0568)85-6101

Ang fixed property tax ay buwis na ipinapataw sa mga taong nagmamay-ari ng fixed property (lupa, gusali, pag-aari na may amortisasyon) sa petsang Enero 1. Ang halaga ng buwis ay ikakalkula batay sa halaga ng fixed property, at kailangang bayaran sa munisipalidad na kinaroroonan ng fixed property.

(Fixed Property Tax)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/zei/zei/kotei/index.html>



(5) Pagbabayad ng Municipal Tax atbp.

Revenue Section

Tel: (0568)85-6111

Maaaring bayaran ang mga buwis sa lungsod at iba pang mga pagbabayad sa mga institusyong pampinansyal,

convenience store, city hall, at mga sangay na opisina na nakalista sa likod ng slip ng pagbabayad, gayundin sa pamamagitan ng direct debit, credit card, at smartphone app.

Bilang karagdagan, para sa mga buwis sa ari-arian at mga magaan na buwis sa sasakyang de-motor (category tax), ang eL-QR (local tax unified QR code) na naka-print sa slip ng pagbabayad ay ginagamit. Maaari kang magbayad sa mga lokal na site ng pagbabayad ng buwis (credit card, internet banking, atbp.), eL-QR compatible smartphone payment apps, at eL-QR compatible na institusyong pinansyal sa buong bansa.

Kung hindi mo binayaran ang iyong mga buwis sa lungsod sa takdang petsa, isang late fee ang idadagdag ayon sa bilang ng mga araw hanggang sa iyong pagbabayad.

Higit pa rito, kung ang pagbabayad ay patuloy na hindi nababayaran, ang iyong ari-arian ay maaaring kunin o iba pang mga hakbang ay maaaring gawin, kaya kung ikaw ay nahihirapang magbayad, mangyaring makipag-ugnayan sa Departamento ng Pagkolekta

(Tungkol sa kung paano at saan magbabayad ng mga buwis sa lungsod, atbp.)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/zei/zei/1369syunou.html>



(6) Sertipiko ng buwis

No	Uri	Bayad	Namamahalang Section
1	Sertipiko ng ipinataw na income tax	300 yen/ sertipiko	Residents Tax Section Tel: (0568) 85-6092
2	Sertipiko ng negosyo	"	
3	Sertipiko ng pagbabayad ng buwis / Sertipiko ng pagbabayad	"	Revenue Section Tel: (0568) 85-6117
4	Sertipiko na walang buwis na overdue	"	
5	Sertipiko ng pagbabayad ng buwis para sa patuloy na inspeksyon	Libre	
6	Sertipiko kaugnay sa fixed property - Sertipiko ng evaluation (lupa, bahay) - Sertipiko ng buwis at pampublikong bayarin (lupa, bahay) - Sertipiko ng tax ledger (ledger na nakabukod para sa bawat may-ari) at iba pa	300 yen/ pahina	Property Tax Section Tel: (0568) 85-6101

(Sertipiko na may kaugnayan sa buwis ng lungsod)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/zei/zei/1003447.html>



19. Pagpapatayo ng Gusali

Building Guidance and Regulations Section

Tel:(0568)85-6324

May mga prosesong dapat gawin batay sa regulasyon ng batas sa pagpapatayo ng gusali. Mahalagang humingi muna ng payo sa arkitekto bago umpisahan ang konstruksyon.

Anumang istruktura na may bubong at mga haligi o may bubong at mga dingding ay tinuturing na isang gusali.

Itinuturing din na isang gusali ang anumang gate o bakod na nakakabit sa gusali.

[Halimbawa ng itinatayong gusali]

Bahay, tindahan, opisina, paradahan ng sasakyan (pati carport), bodega (pati container warehouse) at iba pa.

20. Sistema ng Pamamahala sa Suplay ng Tubig

Water Supply and Sewerage Operation Section Customer Service

Business hours: Lunes hanggang Biyernes 8:30am ng Umaga hanggang 5:15pm ng hapon.

Tel: (0568)85-6411

○ Pag-abiso sa Pagsisimula o Pagpapatigil ng Paggamit ng Serbisyo ng Tubig

Mangyaring mag-apply hanggang sa tatlong (3) business day bago ng araw na nais niyong gamitin (o itigil) ang serbisyo. Ang business days ay mga ordinaryong araw mula Lunes hanggang Biyernes. Sarado kapag Sabado, Linggo, holiday, at sa katapusan at simula ng taon (mula ika-29 ng Disyembre hanggang ika-3 ng Enero ng sumunod na taon).

* Pakibigay ang inyong customer number.

(Mga aplikasyon para sa pagsisimula o paghinto ng paggamit ng mga serbisyo ng tubig at alkanta

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/1020797/1020870/1021186/1021475/index.html>

Maaari ka ring mag-apply online.→



21. Alagang Hayop (Pag-iwas sa Rabies)

Environmental Preservation Division

Tel:(0568)85-6279

Upang maiwasan ang rabies, ang mga may-ari ng asong nasa edad na 91 araw o higit pa ay may obligasyon ayon sa batas para sa pag-iwas sa rabies (Rabies Prevention Law) na irehistro ang kanilang aso 1 beses sa buong buhay nito, paturukan ito laban sa rabies nang isang beses sa isang taon, at ikabit sa kanilang aso ang lisensya at sertipiko na tapos na itong turukan.

Kailangan ding magbigay-alam kung nagbago ang address o may-ari dahil sa paglipat ng tirahan, o pagbibigay sa ibang tao, at kapag namatay ang aso.

(Pag-iwas sa rabies (pagparehistro/pag-iniksyon ng aso)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/1033189/1003754/kyouken.html>



□ Newsletter para sa mga dayuhan 「Information KASUGAI」

Ito ay newsletter kung saan inilalathala ang mga pampublikong mensahe at kaganapang idaraos sa lungsod na nakasulat sa wikang English, Chinese at Portuguese. Ang paglalathala ng babasahing ito ay sa bandang unang araw ng bawat buwan.

Listahan ng mga lugar kung saan ipinamamahagi ang “Information KASUGAI”

Sulok ng Impormasyon ng Bulwagang Lungsod, Rehistrong Pang Pamilya sa Dibisyon ng Usaping Pang Mamamayan, Silid ng Pang Intenasyonal na Palitan, Rediyan Kasugai, Sentrong Silangang Civic, Opising Sangay ng Sakashita, Sentrong Komunidad ng Ajimi, Sentrong Komunidad ng Kozoji, Sentrong Komunidad ng Southern, Sentrong Komunidad ng Western, Sentrong Komunidad ng Central, Sentrong Komunidad ng Chita, Sentrong Komunidad ng Takarai (2025) (Sa ilalim ng pagsasaayos hanggang tag-init 2025), Sentrong Komunidad ng Sakashita, Pagamutang Munisipal ng Kasugai, Renaik, Opisina ng Koreo ng Kozoji, Unibersidad ng Chubu, Stasyon ng Pulis ng Kasugai, Sentro ng Impormasyon ng Kasugai "Lirick ", Gruppo Fujito, Sentro Sasae Ai sa kabuuan na 22 lokasyon

□ Paggamit ng Aklatan

Aklatan Tel:(0568)85-6800

Aklatan ng Gruppo Fujito Tel:(0568)37-4924

Maaaring humiram ng mga materyales sa aklatan ang mga nakatira, nag-aaral, o nagtrabaho sa lungsod ng Kasugai, at mga may address sa Aichi prefecture. Mayroon ding mga materyales sa wikang banyaga na maaari ninyong hiram.

Wika ng mga materyal sa wikang banyaga:

English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese at iba pa

Larangan ng mga materyal sa wikang banyaga:

Nobela/Sanaysay, Picture book, Kuwentong pambata, DVD, CD at iba pa

Bilang ng mga materyal na nasa ibang wika:

Mga 4,100 na libro (mga 2,800 ang librong pambata

Mga kailangang dokumento kapag nais humiram ng materyal:

Dalhin ang inyong Residence card, Driver's license, insurance card o iba pang ID kung saan makukumpirma ang inyong address, pangalan, araw ng kapanganakan at iba pa, para magpagawa ng “user card.”

□ Pagsali sa Samahan ng Magkakapitbahay (Ku, Chonaikai o Jichikai)

Dibisyon sa Pag-promote ng Mga Aktibidad ng Mamamayan Tel:(0568)85-6617

Ang mga Barangay, mga asosasyon sa kapitbahayan, at mga asosasyon ng lokal na pamahalaan ay mga organisasyon na independyenteng inorganisa ng mga taong nakatira sa parehong lugar upang gawing komportable ang kanilang mga bayan na kapaligiran kung saan ang mga tao ay maaaring mamuhay nang payapa at seguridad. Sa panahon ng kagipitan, tulad ng mga sakuna, kailangang tumulong ang magkakapitbahay, ngunit sa lipunan ngayon kung saan mahirap makita ang mukha ng isa't isa, ang mga asosasyon sa kapitbahayan ay may napakahalagang papel sa pagpapalalim ng ugnayan ng komunidad.

Ang mga Barangay, kapitbahayan, at mga lokal na asosasyon ng komunidad ay mga boluntaryong organisasyon at walang legal na obligasyon na sumali Gayunpaman, hinihikayat ng lungsod ang mga tao na sumali upang bumuo ng mga ugnayan sa komunidad kung saan ang mga tao ay maaaring magkaharap. Bilang karagdagan, ang mga barangay mga asosasyon ng kapitbahayan, at mga asosasyon ng lokal na komunidad ay nagbibigay din ng impormasyon tulad ng Relasyong Pampubliko ng Kasugai, mga anunsyo mula sa lungsod, at mga lokal na kaganapan.

Upang mag-aplay para sa pagiging miyembro, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na tagapangulo o opisyal. Kung hindi mo alam kung sino ang tagapangulo, mangyaring makipag-ugnayan sa Seksyon ng Buhay ng Mamamayan..

(Mga aktibidad sa asosasyon ng mga kapitbahayan)

<https://www.city.kasugai.lg.jp/kurashi/1033189/chonaikai/index.html>

Maaari ka ring mag-aplay para sa pagiging miyembro mula sa website ng lungsod. →

